



# PATNUBAY SA MISA

7 Abril 2024

Ika-2 Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay

Taon B

## KAPISTAHAN NI KRISTONG HARI NG BANAL NA AWA

### Pinaglalaanan at Palatandaan ng Maawaing Pagmamahal ni Kristo

**S**a una niyang pagpapakita sa kanyang mga alagad, pinuspos sila ni Hesus ng mga handog ng kanyang presensiya at kapayapaan, ng tawag na makilahok sa kanyang misyon, at ng Espiritu Santo. Sa mga handog na ito, di lamang niya pinatibay ang kanilang pananalig, bagkus dinagdagan rin ang kanilang galak, at pinalakas sila sa kanilang pakikipaglaban sa kawalan ng pag-asa at kasalanan.

Ang mga handog na ito ay inilalaan hindi lamang sa mga alagad kundi sa lahat din ng nananalig, kasama na ang mga hindi pa kailanman nakakita sa kanya. Ang mga ito’y para sa ating lahat ngayon kung bubuksan natin ang ating mga puso sa pananampalataya sa Muling Nabuhay at batiin siya sa mga salita ng nagbagong-loob na si Tomas, “Panginoon ko at Diyos ko!” Ipinagdiriwang natin ngayon ang kapistahan ni Hesus, Hari ng Banal na Awa. Ang ganitong nakalulugod na debosyon sa mahabaging pag-ibig ni Kristo sa mga makasalanan ay mahalaga sa ating lahat, pagkat kailangan nating makalaspag ng pagmamahal. Gayundin, tungkulin nating maging mga kasangkapan ng kanyang awa sa ating kapwa. Sa Eukaristiyang ito, hilingin natin ang biyayang ito.



#### PASIMULA



##### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Kayong mga bagong silang ay maghangad na makamtan ang gatas na espirit’wal na dulot ng Amang banal. Aleluya! S’ya’y awitan.**

##### Pagbati

**P**– Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

**B**– Amen!

**P**– Papuri at karangalan kay Hesus, Hari ng Banal na Awa!

Nawa ang kanyang pagpapala at kapayapaan ay sumainyong lahat!  
**B**– At sumaiyo rin!

##### Pagsisisi

**P**–Mga kapatid, sa harap ni Hesus, ating Hari ng Dakilang Habag, pag-ibayuhin natin ang kamalayan sa ating maraming pagkukulang at sa pangangailangang mapadalisay sa pamamagitan ng kanyang pagpapatawad. (Tumigil sandali.)

**P**–Ikaw na naghatid sa amin ng pangako ng dakilang kaisahan sa tanan: Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Ikaw na muling nabuhay upang maging katuparan ng pangako ng dakilang kaligtasan: Kristo, kaawaan mo kami!

**B**–Kristo, kaawaan mo kami!

**P**–Ikaw na patuloy na tumatawag sa amin upang maging tanda at kasangkapan ng iyong dakilang pag-ibig: Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Kaawaan tayo ng makapang-yarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**– Amen!

## Papuri

**B**— Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinaranggal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

**P**—Ama naming makapangyarihan, sa pagdiriwang naming ito ng Pasko ng Pagkabuhay ng Anak mo, pinag-alab mo ang pananalig namin sa iyo. Ang kagandahangloob mo sa amin ay lalo mo pang pag-ibayuhin upang maisaloob na mabuti ng lahat ang kadalisyang dulot ng binyag, ang Espiritung bigay mo sa iyong mga anak, ang Dugong dumanak upang kami’y maligtas, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen!

### PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



**Unang Pagbasa** *Gw 4:32-35*  
Sa paglalarawan sa mga unang Kristiyanong pamayanan, binibigyang-diin ni San Lucas ang pagkakaisa at pagkabukas-palad ng mga kasapi nito. Ang ating sariling pamayanan ay nararapat ding makilala sa dalawang katangiang ito.

**L**— Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

**Nagkaisa ang damdami’t isipan ng lahat ng sumasam-**

palataya at di itinuring ninuman na sarili niya ang kanyang mga ari-arian, kundi para sa lahat.

Ang mga apostol ay patuloy na gumagawa ng kababalaghan at nagpapatotoo sa muling pagkabuhay ng Panginoong Hesus. At ibinuho ng Diyos ang kanyang pagpapala sa kanilang lahat.

Walang nagdarahop sa kanila, sapagkat ipinagbibili nila ang kanilang lupa o bahay, at ang pinagbilhan ay ibinibigay sa mga apostol. Ipinamamahagi naman ito ayon sa pangangailangan ng bawat isa.


Ang Salita ng Diyos!

**B**—Salamat sa Diyos!

### Salmong Tugunan *Awit 117*

**B**—*Butiing Poo’y purihin, pag-ibig n’ya’y walang maliw!*

R. M. Velez



\* O pasalamatang ang Diyos na Panginoon, pagkat siya’y mabuti; ang kanyang pag-ibig ay napaka-tatag at mananatili. Ang taga-Israel, bayaang sabihit kanilang ihayag, “Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi kukupas.” **B.**

\* Ang lakas ng Poon ang siyang nagdulot ng ating tagumpay sa pakikibaka sa ating kaaway. Aking sinasabing di ako papanaw, mabuhay ako upang isalaysay ang gawa ng Diyos na Panginoon ko. Pinagdusa ako at pinarusahan nang labis at labis, ngunit ang buhay ko’y di niya pinatid. **B.**

\* Ang batong natakwil ng nangagtatayo ng tirahang-bahay, sa lahat ng bato’y higit na mahusay. Ang lahat ng ito ang nagpamalas ay ang Panginoong Diyos. Kung iyong mamasdan ay kalugud-lugod. O kahanga-hanga ang araw na itong ang Diyos ang nagbigay, tayo ay magalak, ating ipagdiwang! **B.**

**Ikalawang Pagbasa** *1 Jn 5:1-6*  
Si San Juan ay nagpapa-alaala sa ating may likas at mahalagang

kaugnayan ang pag-ibig ng Diyos at pagsunod sa Kanyang mga utos. Sa kaugnayang ito, lumalakas tayo para madaig natin ang kasamaan.

**L**— Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Juan

Minamahal kong mga kapatid: Inaaring mga anak ng Diyos ang sumasampalatayang si Hesus ang Mesiyas; at sinumang umiibig sa ama ay umiibig din sa mga anak.

Ito ang palatandaang iniibig natin ang mga anak ng Diyos: kapag iniibig natin ang Diyos at tinutupad ang kanyang mga utos, sapagkat ang tunay na umiibig sa Diyos ay yaong tumutupad ng kanyang mga utos. At hindi naman mahirap sundin ang kanyang mga utos, sapagkat napagtatagumpayan ng bawat anak ng Diyos ang sanlibutan; at nagtatagumpay tayo sa pamamagitan ng pananampalataya. Sino ang makapagtatagumpay laban sa sanlibutan? Ang sumasampalatayang si Hesus ang Anak ng Diyos.

Si Hesukristo ang naparito sa sanlibutan, bininyagan sa tubig, at nagbubo ng kanyang dugo sa kanyang kamatayan – hindi lamang bininyagan sa tubig, kundi nagbubo pa ng kanyang dugo. Ang Espiritu ang nagpapatotoo tungkol dito, sapagkat ang Espiritu ay katotohanan.

Ang Salita ng Diyos!

**B**—Salamat sa Diyos!

**Aleluya** *Jn 20:29*

**B**—Aleluya! Aleluya!

Mapalad at maligaya ang sumasampalataya sa di nakita ng mata.

Aleluya! Aleluya!

**Mabuting Balita** *Jn 20:19-31*

Ang mga pagpapakita ni Kristong Nabuhay ay para mapalakas sa pananampalataya ang mga disipulo sa katunayan ng kanyang muling pagkabuhay at tulutan silang makatupad sa kanilang misyon. Ito’y mailalapat din sa bantulot na si Tomas at sa ating lahat.

**P**—Sumainyo ang Panginoon!

**B**—At sumaiyo rin!

**P**— Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

**B**—Papuri sa iyo, Panginoon!

Kinagabihan ng Linggo ding iyon, ang mga alagad ay nagkakatipon. Nakapinid ang mga pinto ng bahay na kanilang pinagtitiipunan dahil sa takot nila sa mga Judio. Dumating si Hesus at tumayo sa gitna nila. “Sumainyo ang kapayapaan!” sabi niya. Pagkasabi nito, ipinakita niya ang kanyang mga kamay at ang kanyang tagiliran. Tuwang-tuwa ang mga alagad nang makita ang Panginoon. Sinabi na naman ni Hesus, “Sumainyo ang kapayapaan! Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman, sinusugo ko kayo.” Pagkatapos, sila’y hiningahan niya at sinabi, “Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo. Ang patawarin ninyo sa kanilang mga kasalanan ay pinatawad na nga; ang hindi ninyo patawarin ay hindi nga pinatawad.”

Ngunit si Tomas na tinaguriang Kambal, isa sa Labindalawa, ay wala roon nang dumating si Hesus. Kaya’t sinabi sa kanya ng ibang alagad, “Nakita namin ang Panginoon!” Sumagot si Tomas, “Hindi ako maniniwala hangga’t di ko nakikita ang butas ng mga pako sa kanyang mga kamay, at naisusuot dito ang aking daliri, at hangga’t hindi ko naipapasok ang aking kamay sa kanyang tagiliran.”

Makalipas ang walong araw, muling nagkatipon sa loob ng bahay ang mga alagad; kasama nila si Tomas. Nakapinid ang mga pinto, ngunit pumasok si Hesus at tumayo sa gitna nila. Sinabi niya, “Sumainyo ang kapayapaan!” Saka sinabi kay Tomas, “Tingnan mo ang aking mga kamay at ilapit dito ang iyong daliri. Ipasok mo ang iyong kamay sa aking tagiliran. Huwag ka nang mag-alinlangan, maniwala ka na.” Sumagot si Tomas, “Panginoon ko at Diyos ko!” Sinabi sa kanya ni Hesus, “Naniniwala ka na ba sapagkat nakita mo ako? Mapapalad ang mga naniniwala kahit hindi nila ako nakita.”

Marami pang kababalaghang ginawa si Hesus na nasaksihan ng mga alagad, ngunit hindi

natatala sa aklat na ito. Ang mga natala rito’y sinulat upang sumampalataya kayong si Hesus ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos, at sa gayo’y magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan niya.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B**—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

### Homiliya

#### Sumasampalataya

**B**—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inililing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

#### Panalangin ng Bayan

**P**—Tayo ay kabilang sa mga nananalig sa muling pagkabuhay ni Hesus kahit na hindi natin nasalat ang kaniyang mga sugat. Pag-ibayuhin natin ang ating pagpapahayag ng pananampalataya kay Kristong Muling Nabuhay habang idinudulog ang ating mga kahilingan sa kanya:

**B**—Panginoon naming at Diyos, pakinggan mo kami!

\* Upang ang buong Simbahan at ang bawat pamayanang lokal ay laging maghandog ng magandang halimbawa ng pagkakaisa, tapat na pagmamalasakit at pangangalaga sa mga dukha. Manalangin tayo! **B.**

\* Upang ang ating mga “Basic

*Ecclesial Communities*” o “BEC” at iba pang samahang pansimbahan ay pagmulan ng pagpapapayapa sa Simbahan at maging tagapagpalaganap ng ebanghelyo sa lipunan. Manalangin tayo! **B.**

\* Upang ang mga tulad ni Tomas na nahihirapang maniwala sa Muling Pagkabuhay ay makakita ng patotoo rito sa buhay ng mga tunay na Kristiyano. Manalangin tayo! **B.**

\* Upang ang lahat ng Katoliko ay makinabang sa sakramento ng kumpisal bilang karaniwang pamamaraan upang malasap ang “kapangyarihan ng Muling Pagkabuhay” sa kanilang buhay espirituwal. Manalangin tayo! **B.**

\* Upang lahat tayo ay maging masiglang tagapagpalaganap ng kapayapaan ng muling nabuhay na Kristo sa ating pamilya at lipunan. Manalangin tayo! **B.**

**P**—Panginoong Hesus, nagpapasalamat kami sa mga kaloob ng iyong muling pagkabuhay, at sa iyong pananatili sa aming piling kasama ng Espiritu Santo. Nawa’y lalo kaming mapalapit sa iyo at kami’y maging tanda at kasangkapan ng bagong buhay na ipinagkaloob mo sa amin. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpasawalang hanggan.

**B—Amen!**



**P**—Manalangin kayo . . .

**B**—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

#### Panalangin ukol sa mga Alay

**P**—Ama naming Lumikha, tung-hayan mo ang mga alay ng iyong sambayanan upang ang iyong binigyan ng bagong buhay sa pagsampalataya sa iyong ngalan at pagkadalisay noong sila’y binyagan ay makapakinabang sa ligayang walang katapusan, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B—Amen!**

## Prepasyo ng Pagkabuhay I

**P**–Sumainyo ang Panginoon!

**B**–At sumaiyo rin!

**P**–Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

**B**–Itinaas na namin sa Panginoon!

**P**–Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos!

**B**–Marapat na siya ay pasalamat!

**P**–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat natin lalo ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Ang iyong Anak na minamahal ay naghain ng sarili niyang buhay. Siya ang tupang maamong umako sa kaparusahan upang mapatawad ang kasalanan ng sanlibutan. Sa pagkamatay niya sa banal na krus, ang kamatayan namin ay kanyang nilupig. Sa pagkabuhay niya bilang Manunubos, pag-asa't pagkabuhay ay aming nakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B**– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

## Pagbubunyi

**B**– Sa krus mo't pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



**B**–Ama namin . . .

**P**–Hinihiling namin . . .

**B**–Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

## Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

**B**–Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

**P**–Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. **B**–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

### Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Ako ay iyong hawakan sa sugat sa aking kamay, sa pakong pinakuan. Aleluya! Panaligan nang di nag-aalinlangan.**

### Panalangin Pagkapakinabang

**P**–Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mong ang aming pakikinabang sa banal na piging ng Pasko ng Pagkabuhay ay patuloy na umiral sa aming kalooban, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**–Amen!

**PAGWAWAKAS**



**P**–Sumainyo ang Panginoon.

**B**–At sumaiyo rin!

**P**–Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik saglit.)

–Sa muling pagkabuhay ng Kanyang Anak, tinubos kayo ng Diyos at ginawa kayong mga anak Niya. Puspusin nawa kayo ng Kanyang kagalakan.

**B**–Amen!

**P**–Sa pananampalataya, bumanogon kayong kasama ni Hesus sa bautismo upang makasama niya magpakailanman.

**B**–Amen!

**P**–Pinagpala kayo ng maawaing pagmamahal ni Kristo. Nawa kayo'y maging mabisang palatandaan ng kanyang pagmamahal sa lahat.

**B**–Amen!

**P**–Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

**B**–Amen!

**P**–Tapos na ang Misa. Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristong Nabuhay!  
Aleluya! Aleluya!


**B**–Salamat sa Diyos!  
Aleluya! Aleluya!


Whether you're 5 or 105,  
you've got a prayer companion.


## My Pocket Prayer Book

Includes everyday prayers,  
devotions, the Holy Rosary,  
and a confession guide in one handy,  
affordable booklet.

Available at:

 Word And Life Publications / Word And Life Religious Store

 wordandlifereligiousstore\_2021

 Word and life Religious Store



**WORD AND LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word And Life Publications

• Editorial Team: Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua

# TILA MGA TILAMSIK NG LIWANAG

*Kalakbay at Katoto*

Hindi natin maipagkakaila na ang daigdig ngayon ay nababalot ng iba't-ibang uri ng kadiliman. Nandyan ang kadiliman ng mga pekeng balita, mga palsong mga naratiba, mga pagkukunwari natin sa isa't isa, tulad ng napakaraming mga pagbabalat kayo sa larangan ng pamumulitika, sa tinatawag na paglilingkod sa bayan, sa pamumuno sa anumang samahan, sa mga homeowners' associations, at – sa totoo lang – pati sa larangan ng pananampalataya.

Nagkalat ang scammers sa lipunan. Sa daigdig na umiikot sa unibersong digital ng mga electronic gadgets, naglipana ang mga taong ang hangarin ay maka-isa at makapanlamang sa mga hindi masyadong bihasa sa mundo ng e-commerce. Maging sa mundong politikal, marami ang nalilinlang ng mga trolls, bots, at milyon-milyong pekeng accounts sa social media, na ang hangarin ay maghasik ng mga peke ring mga balita upang masilo sa sapot ng kasinungalingan ang mga walang malay at walang kamuang-muang na karamihan. Pati ang mga eleksyon sa maraming lugar sa buong mundo ay nakokontrol ng mga taong dalubhasa sa social media – ang mga tinatawag na social media influencers, at ang kampon ng mga trolls at bots. At sa pananampalatayang Kristiyano, kay rami ring mga palsong propeta na nagliligaw ng landas ng marami, maging sa ating bayan.

Dahil rito, kalimitan, ang tama ay nagiging mali at ang mali ay napalilitaw na tama.

Kailan pa naging tama ang pagpatay sa libo-libong inosenteng tao dahil lamang sa isang ideolohiyang ang isang bansa o bayan ay walang karapatang maging malaya at may kakayahang magpatakbo ng kanilang sariling buhay? Kailan pa naging tama, na sa ngalan ng tinatawag na self-defense ay walang awa at walang habas na pinauulanan ng bomba ang mga taong walang kamalay-malay sa mga pinag gagagawa ng mga terorista? Kailan pa naging wasto at katanggap-tanggap na ang isang mayaman, makapangyarihan at malaking bansa ay may karapatang mag-angkin ng iba pang lupain o karagatan, dahil lamang sa sinasaad na “katotohanan” ayon sa kanilang revisionist history o nirebisang kasaysayan na pabor lamang sa kanilang naratiba?

Ang buong mundo ay tila pinanawan na ng habag


at awa, at ang naghahari ay ang mga may hawak ng impormasyon, ng big data na tinatawag, o ang may kakayahang maghasik ng palsong mga naratiba. Tanging ang simbahan at ang iniingatang yaman ng simbahan na katotohanang moral ang nananatiling nagtutulak ng magandang balita na may kinalaman sa katotohanan ang mapagligtas at buhay na ganap.

Sa araw na ito, isa sa yamang ito ay ating ipinagdiriwang – ang pangaral tungkol sa isang malaking katotohanan tungkol sa Panginoon ng buhay, sa Panginoong nag-alay ng masaganang habag at awa para sa ating makasalanan.

Sa daigdig na ito na balot na balot ng kadiliman, ang larawan at katangian ng Anak ng Diyos bilang Hari at Panginoon ng dakilang habag at awa ay tila isang paghahasik ng mga mumuntik na tilamsik ng liwanag sa gitna ng lahat ng uri ng kadiliman sa paligid – higit sa lahat, ang kadiliman ng ating mga kasalanan at kawalang-pansin at pagpahahalaga sa katotohanan at sa kaganapan ng buhay ng tao.

Sa kabila ng ating kasalanan, dumaloy mula sa tagiliran ng Panginoong napako sa krus ang masaganang tubig at dugo ng kaniyang habag at awa. Wala nang mas mainam pang tugon sa dakilang biyayang ito ng Panginoon at Hari ng Dakilang Awa ang panalanging ibinulalas ni Tomas: “Panginoon ko, at Diyos ko!”

LIVE THE JOY OF THE RESURRECTION  
AND LIVE UP TO ITS CHALLENGES WITH THE HELP OF  
THE PAMPHLET



*Trail  
of  
Light*

Reflections on the Event  
of the RESURRECTION,  
its Fruits and Challenges

**is the indispensable sequel to the  
New Way of the Cross:**

Every season of the year, except Lent,  
is a golden opportunity to be renewed  
through the Trail of Light.